

Taon XXXV Blg. 20 Oktubre 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Lalong humihina ang AFP sa pagsingaw ng mga kabulukan nito

Pilit mang pagtakpan ng rehimeng US-Arroyo at mga namumunong heneral nito, di mapigilan ang pag-alingasaw ng malakihang korapsyon sa loob ng Armed Forces of the Philippines (AFP), laluna sa hanay ng pinakamatataas na upisyal nito. Ang nabubunyag na malalaking kaso ng korapsyon ay palatandaan ng sagad-sabutong kabulukan ng AFP.

Ang kabulukang ito sa loob ng AFP ay tuwirang ibinubunga ng pagiging mersenaryo at pasistang hukbo nito.

Ang kabulukan ng ipinagtatanggol nitong naghaharing

sistema ay yaon ding kabulukang umiiral sa loob ng hanay ng AFP. Ang AFP, laluna sa pinakamatataas na andana nito, ay kaharian ng mga milyunaryong heneral, pawang mga burukratang kapitalistang nagpapayaman qamit ang hawak nilang kapangyarihan.

Ang malakihang korapsyon at kriminalidad ng pinakamatataas na heneral ng AFP at ang mga pagtatangkang pagtakpan ang mga ito ay nag-uudyok ng malawakang galit ng mamamayang labis na naghihikahos. Ang galit ng mamamayang Pilipino sa korapsyon sa loob ng AFP ay katulad ng galit nila sa nakamumuhing korapsyon ng mga upisyal ng rehimeng Arroyo na nagpapakasasa sa milyun-milyong pisong nakaw na yaman habang milyun-milyon ang lubog sa kumunoy ng kahirapan.

Ang korapsyon ng mga pinunong heneral ng AFP ay nag-uudyok ng gayon ding galit sa hanay ng mga ordinaryong sundalo at nakabababang upisyal ng militar lalupa't sila ang pangunahing mga biktima nito. Habang nagpapakasasa ang mga bundat na heneral, ang mga karaniwang sundalo at nakabababang upisyal ng AFP ang nagdurusa sa palaging naaantalang mababa na ngang sweldo, napakaliit na pensyon, kakulangan at mababang kalidad ng mga kagamitan at iba pa.

Mga tampok sa isyung ito...

Pinakahuling mga anomalya at kaso ng korapsyon sa AFP

PAHINA 3

Malulubhang krimen ni Tabara

PAHINA 5

Food coupons, mismis para sa ginugutom na mamamayan

PAHINA 6

Niyayanig ang AFP at rehimeng US-Arroyo ng nabubunyag na mga kaso ng korapsyon ng mga namumunong heneral. Lalo nitong pinalalalim ang hidwaan at pagkakawatak-watak sa loob ng AFP. Lalo itong mag-uudyok ng mga aksyong protesta ng mga karaniwang sundalo at nakabababang upisyal ng AFP. Pinahihina nito ang kanilang determinasyon na ipagtanggol ang naghaharing sistema.

Walang kakayahan ang AFP o ang buong reaksyunaryong sistema na maglinis ng sarili. Likas sa kasalukuyang sistema na balutin ng korapsyon ang militar at burukrasyang sibil.

Ang AFP ang pinakakonsolidadong organisasyon ng mga reaksyunaryo na nangungunang tagapagtaguyod at tagapagtanggol ng kasalukuyang sistema. Ang paghina nito ay nangangahulugan ng paghina ng depensa ng reaksyunaryong naghaharing sistema, laluna laban sa banta ng lumalakas na armado at di armadong paglaban ng aping mamamayang Pilipino. Kung kaya gayon na lamang ang pagkabahala ng mga naghaharing uri sa mga iskandalong yumayanig ngayon dito.

Ngunit sa mata ng mamamayan, ang paghina ng AFP ay isang magandang bagay. Nangangahulugan ito ng paghina ng kakayahan nitong manalanta at mandahas sa mamamayan. Sa paghina ng AFP, napapabilis din ang pagtatagumpay ng rebolusyonaryong armadong kilusan.

Responsibilidad ng mga rebolusyonaryong pwersa na samantalahin ang kasalukuyang kaguluhan sa loob ng AFP at lalo pang palalimin ang hidwaan sa hanay ng militar at pulisya.

Pangunahing tungkulin sa harap nito ang lalo pang pagpapaigting ng armadong rebolusyon. Sa partikular, kailangang ilunsad ang papalaki at papadalas na mga taktikal na opensiba. Kailangang puspusang hanapin ang mahihinang bahagi ng AFP at PNP at walang humpay na bigwasan ang mga ito. Ang bawat matagumpay na taktikal na opensiba ay lalong nagpapahina sa loob ng mga pwersa ng AFP at PNP at bumabagbag sa kanilang pagkakaisa.

Kasabay nito, kailangang puspusang makipag-ugnayan sa mga karaniwang elemento at nakabababang upisyal ng AFP at PNP na du-

# ...tiyak na lalo pang mabubulok ang militar at pulisya kasabay ng pagkabulok ng naghaharing sistema.

madaing sa kabulukan ng organisasyon ng militar at pulisya. Maaari natin silang tulungan sa pagbubuo ng mga demokratikong samahan sa loob ng militar at pulisya at hikayatin silang magsagawa ng mga lihim at hayag na sama-samang pagkilos upang ipagtanggol ang kanilang kagalingan.

Sa nakaraan, ang ganitong pakikipag-ugnayan sa mga karaniwang sundalo at pulis at kanilang nakabababang mga upisyal ay nagsisilbing batayan para sa mas malawak na ugnayan at pakikipagtulungan.

Ang mga nauugnayang pwersa sa loob ng militar, pulisya at CAFGU, laluna yaong mga karaniwang tauhan na nagmula rin sa hanay ng mga aping uri, ay maaaring hikayatin na lumahok sa rebolusyonaryong kilusan. Maaari silang magbuo ng mga lihim na sangay ng Kilusang Lt. Crispin Tagamolila sa loob ng kanilang kinabi-



Taon XXXV Blg. 20 Oktubre 21, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

#### **Editorval**

Balita	9
Mga opensiba ng BHB	7
Food coupons, mumo para sa ginugutom na mamamayan	6
Malulubhang krimen ni Tabara	5
Pinakahuling mga anomalya at kaso ng korapsyon sa AFP	3
Lalong humihina ang AFP sa pagsingaw ng mga kabulukan nito	1

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

bilangang yunit, maglunsad ng mga pagaaral, magrekrut ng iba pang mga tauhan at makipagtulungan sa BHB.

Kabilang sa pakikipagtulungan sa BHB
ang pagbibigay ng mga
sundalo ng mahahalagang taktikal na impormasyon hinggil sa kanilang mga operasyon.
Marami nang karanasan
kung saan buu-buong
mga yunit ng CAFGU o
maging ng PNP ay lihim
na kumikilala sa pamumuno ng mga rebolusyonaryong organisasyon.

Hikayatin din natin ang pagbubuo ng kampanya para lisanin ang bulok na AFP, PNP at CAFGU. Alam natin na karamihan ng mga karaniwang tauhan nito av nananatili doon dahil wala silang hanapbuhay. Ipakita natin sa kanila ang pinsala at lupit na idinudulot ng kanilang mga operasyong militar laban sa mamamayan at hikayatin silang maghanap ng alternatibong ikabubuhay.

Sa hinaharap, tiyak na lalo pang mabubulok ang militar at pulisya kasabay ng pagkabulok ng naghaharing sistema. Sa kabilang panig, lalo pang lalakas ang digmang bayan habang milyun-milyong mamamayan ang sumasanib sa Bagong Hukbong Bayan at iba pang mga rebolusyonaryong organisasyon.

### Pinakahuling mga anomalya at kaso ng korapsyon sa AFP



patnapung bank account na naglalaman ng milyun-milyong piso at 53 mamahaling sasakyan. Pagdadala ng \$886,957 o halos ₱50 milyon (sa palitang \$1=₱56) sa US para ipambayad sa biniling condominium ng kanyang anak sa New York. Isa pang insidente ng pagreremit ng \$100,000 o ₱5.6 milyon sa US para ipanustos sa luho at marangyang pamumuhay ng kanyang mga anak at asawa roon. Sarisaring ari-arian at kayamanan sa US na nagkakahalaga ng ₱79.42 milyon. Mamahaling kabahayan sa Metro Manila at

Baguio, magarbong resort at mga lugaraliwan at plantasyon sa Iloilo.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga nakaiiskandalong detalye ng nakaw na yaman ni Maj. Gen. Carlos Garcia, comptroller ng AFP mula 2001 hanggang 2003. Matagal nang alam ng mga kapwa heneral ang mga anomalyang ito. Subalit kamakailan lamang nabunyag sa publiko nang ilantad ng US ang insidente ng paghuli sa anak ni Garcia dahil sa hindi pagdedeklara nito ng dala-dalang \$100,000 pagpasok sa bansa noon pang nakaraang taon. Noon pa man din ay

wala nang kahihiyang inamin ng asawa ni Garcia na ang mga ito ay mula sa tinanggap nilang mga "pasasalamat" ng mga pribadong kontraktor na kasosyo ng AFP. Pinagtakpan ang mga insidenteng ito ng matataas na upisyal ng AFP.

Walang naniniwalang si Garcia lamang ang nagpakasasa sa pondo ng AFP. Pinangangasiwaan niya ang pondo at mga rekurso ng AFP katuwang ang nakaupong *chief of staff* ng AFP. Nagsilbi siya bilang

comptroller sa ilalim ng limang heneral.

Pilit na tinatabunan ng AFP ang naiulat na qinawa ni Garcia na listahan ng mga heneral at mga mambabatas na nakinabang sa pondo ng AFP sa ilalim ng kanyang panunungkulan. Ayon mismo sa mga upisyal ng AFP, karaniwan para sa kanila ang magpalabas ng pondo para sa mga pulitiko, katulad ng qinawa ni Garcia sa nakaraang eleksyon kung saan nagpalabas siya ng pondo para sa isang kandidato sa pagkapresidente.

Nagkakandarapa ang mga upisyal ng AFP at maging ang rehimen upang pigilin ang ibayong pagkakabunyag ng mga

anomalya at mga kaso ng korapsyon at pandarambong sa sandatahang lakas sa harap ng iskandalo kay Garcia.

Isa na rito ang kwestyunableng paglobo ng yaman ni Secretary Gen. Angelo Reyes ng Department of Interior and Local Government (DILG) noong magsilbi siyang kalihim ng Department of Defense. Matatandaang itiniqil ang mga kasong panda-

rambong laban sa kanya noong nakaraang taon matapos siya magbitiw sa pusisyon. Ayon sa kanyang statement of liabilities pa lamang, lumaki nang P4.1 milyon ang kanyang yaman mula 2002 hanggang 2003. Sa panahon ding ito, nakapagpatayo siya ng bahay na nagkakahalaga ng P10 milyon at nakabili siya ng dalawang restawran sa Bulacan at Cebu City.

Dagdag kay Reyes, dalawa pang heneral na myembro ng gabinete ni

P

Nagkakandarapa ang mga upisyal ng AFP at maging ang rehimen upang pigilin ang ibayong pagkakabunyag ng mga anomalya at mga kaso ng korapsyon at pandarambong sa sandatahang lakas...

Arroyo ang natutukoy ngayon na "benepisyaryo" ng pondo ng AFP. Nasa listahan din ng mga heneral na nagtatakas ng mga dolyar at may maluhong pamumuhay sina Gen. Eduardo Ermita, Executive Secretary at Gen. Leandro Mendoza, kalihim ng Department of Transportation and Communication. Sina Reyes, Ermita at Mendoza ay iniimbestigahan ng US ngayon dahil sa

kanilang malalaking dollar bank accounts doon.

Iba pang mga anomalya at kaso ng korapsyon at pandarambong:

1) Isang heneral ang nagkamal ng mahigit P400 milyon sa loob lamang ng huling apat na taon ng kanyang panunungkulan sa AFP. Ito ay ayon kay Ret. Com. Rex Robles na myembro ng binuong Feliciano Commission. Ang Feliciano Commission ang inatasang mag-imbestiga sa inireklamo ng mga nakaba-

batang upisyal na nagprotesta noong nakaraang taon laban sa laganap na korapsyon sa loob ng militar.

2) Ibinubulsa ng mga heneral sa Mindanao ang aabot sa ₱534 milyong pondo para sa rasyong bigas ng mga tropa ng AFP sa Mindanao. Dahil dito, wala nang natatanggap na rasyong bigas ang mga tropa mula pa noong Enero. Kumukuha rin ng kikbak ang parehong mga heneral mula sa pondong ibinibigay ng US para sa Balikatan. Ito ay ayon sa dalawang kongresman na nagsisimula na ring mag-imbestiga ngayon sa iba pang mga anomalya at kaso ng korapsyon sa AFP

sa Mindanao.

3) Dalawang heneral ang kinasuhan na ng pagpalsipika ng kanilang mga birth certificate at iniimbestigahan dahil sa maluhong pamumuhay. Dinoktor nina Maj. Gen. Ralph Flores at Gen. Prospero Ocampo ang kanilang mga birth certificate upang magtagal pa nang dagdag na tatlong taon sa AFP at makakamal pa ng dagdag na kurakot.

#### Malulubhang krimen ni Tabara

**r**lang linggo matapos mapatay ang pusakal na kriminal at kontra-rebolusyonaryong si Arturo Tabara, patuloy pa ring nalalantad ang mga kasalanan niya sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Ayon sa pinakahuling mga ulat, salarin si Tabara sa 19 na kaso ng pagpatay at di bababa sa 15 kaso ng panghoholdap, pagnanakaw, pangingikil at paglabag sa karapatang-tao. Karamihan sa mga krimen ay ginawa sa Negros at Panay kung saan nakapanalasa nang husto ang pinamunuan niyang RPA-ABB.

Anu-ano pa ang mga naging kasalanan ni Arturo Tabara at bakit gayon na lamang ang pagbubunyi ng mamamayan at rebolusyonar-yong kilusan sa Negros at Panay nang mapag-alaman nilang nagwakas na ang kakayahan niyang gumawa ng krimen at magdulot ng pinsala?

Ang sumusunod ay paghahanay ng ilan sa pinakamabibigat na krimen ni Tabara:

#### Laban sa rebolusyonaryong kilusan

Noong kalagitnaan ng 1993, sinulsulan ni Tabara ang pag-aaklas ng mga nalinlang niyang kasapi ng BHB sa Panay at inutusang tangayin ang 170 malalakas na armas. Inatasan niya noong Mayo 1994 sina Daniel Batoy (alyas Mokong) at Demetrio Capilastique (alyas Hugo) na disarmahan ang isang tim ng BHB sa Barangay Bagacay, Tigbauan, Iloilo. Inagaw ng mga kontra-rebolusyonaryong elemento ang dalawang M16, isang garan at isang VHF handset.

Noong Mayo 2001, nagbaba ng kautusan sina Tabara at Nilo de la Cruz sa RPA-ABB na maglunsad ng mga armadong atake sa BHB. Bunga nito ang pagreyd ng pinagsanib na pwersa ng 12th IB ng Philippine Army at RPA-ABB sa isang tim ng BHB sa Barangay Osorio, Culasi, Antique noong Mayo 21. Napatay sa kubkob na ito sina Rowena Torato at Manny (Ka Cezar) Oderio at malubhang nasugatan ang dalawang gerilya. Isa pang sugatang Pulang mandirigma ang nahuli ng militar.

Sangkot din si Tabara sa pagdukot kay Ruben Saluta, isang kadre ng Partido noong Nobyembre 22 at

pagtortyur at iligal na pagdeteni sa kanya ng mga operatiba ng AFP hanggang Disyembre 22, 1999.

#### Ilang mabibigat na krimen ni Tabara sa Panay mula 1994

Mula 1994 hanggang 1999, sangkot si Tabara sa mga kaso ng pagpatay sa di bababa sa walong magsasaka sa tatlong magkakahiwalay na bayan. Karamihan sa mga biktima ay tutol o sumusuway sa mga kriminal na aktibidad ng RPA-ABB.

Sangkot din siya sa pagpatay

kay Juanito Lutero ng Barangay Tambal, Janiuay, Iloilo noong 1999. Binayaran ang RPA-ABB ng malaking halaga ng katunggali sa lupa ni Lutero para ito patayin.

Nariyan din ang pagpaslang sa tatlong kabataang magsasaka sa Barangay Aquino noong 2000; sa dalawang anak na lalaki ni Lucero Batoy sa Barangay Aparicio noong Marso 2001; at sa negosyanteng si Boy Tesorero ng Makato, Aklan noong 2002.

Kasabwat din si Tabara at ang RPA-ABB sa pagkidnap kay Leo Victor (Leovic) Guttierez, isang mountaineer na taga-Maynila, noong Pebrero 2003.

#### Sa Negros at iba pang lugar

Bilang security adviser ni Eduardo "Danding" Cojuangco, Jr., responsable si Arturo Tabara sa pagbebenta sa serbisyo ng RPA-ABB para magsilbing pribadong goons ni Cojuangco sa malawakang pangangamkam ng lupa sa mga syudad ng Canlaon, Kabankalan, Sipalay, Bago at La Carlota at mga bayan ng Don Salvador Benedicto at La Castellana, lahat sa isla ng Negros.

Pangunahing responsable sina Tabara at Stephen Paduano (alyas Carapali Lualhati) sa panghoholdap ng RPA-ABB sa pera ng Municipal Treasurer's Office ng bayan ng Sta. Catalina, Negros Oriental na nakadeposito sa isang bangko sa kalapit-bayan ng Bayawan noong Mayo 2002. Napatay dito sina Lito Dagat, Virgie Edreal, Dondon Dinsay at isa pang empleyado ng munisipyo.

Pinagsilbi niyang goons ang RPA-ABB ng dinastiya nina Nene de la Cruz at asawa niyang si Cynthia na kasalukuyang alkalde ng Don Salvador Benedicto. Sangkot din ang mga ito sa illegal logging operations sa nasabing bayan.

Nagsilbing bayarang goons si Tabara at ang RPA-ABB kay Ignacio Arroyo, bayaw ni Pres. Gloria Macapagal-Arroyo at iba pang reaksyunaryong pulitiko sa Negros nitong nakaraang halalan.

Nangingikil sina Tabara ng P100,000 hanggang milyunmilyong piso mula sa mga negosyante at asendero at pinalalabas na ito ay rebolusyonaryong pagbubuwis. Ginamit nila ang pangalan at logo ng CPP/NPA/NDF at ang lagda ni Ka Frank Fernandez, ang tagapagsalita ng NDF-Negros, sa ipinadadala nilang mga sulat ekstorsyon.

Noong 2002, aktibong nakipag-ugnayan ang RPA-ABB sa isa pang grupo ng mga mamamatay-tao na nagbansag sa sarili na Red Vigilante Group (RVG) at pinamumuan ni Ricardo Peralta. Sa Central Luzon ang kalakhan ng mga operasyon nito at nasa Bongabon, Nueva Ecija ang base. Ang RVG na hawak din ni Gov. Tomas Joson III ng Nueva Ecija at militar ay nagsisilbing mga gun-for-hire at sangkot sa panghoholdap, pagtutulak ng droga at pangingidnap.

Pinagsisilbihan din ng RPA-ABB-RVG ang mga mahiqpit na kaalyado ni Danding Cojuangco, Jr tulad ng mga Dy ng Isabela. Sila ang nagpapatupad ng pangangamkam ng lupa at pananakot sa mamamayan at mga kalaban ng mga Dy sa pulitika. Ang grupong ito ang pumatay kay Jake Soriano, coordinator ng Bayan Muna sa Jones, Isabela at Romy Blancaflor, isang negosyante sa bayan din ng Jones. Sila rin ang responsable sa panununoq sa dalawang munisipyo sa Isabela noong halalan ng Mayo 2004.


Pinagsilbi rin ni Tabara bilang bayarang *goons* ng mga druglord sa Boracay ang RPA-ABB.

# Food coupons ng rehimen, mumo para sa ginugutom na mamamayan

ahil sa mga pasaning ibinigay nito sa sambayanan, natatakot ang rehimeng US-Arroyo sa qalit nq naqugutom at naghihirap na mamamayan. Kaya matapos ang ilang taong pagtatakip ni Gloria Arroyo sa tunay na kalagayang kinasasadlakan ng mamamayan at matapos ang ilang taong pagmamayabang tungkol sa umano'y mga taqumpay ng rehimen sa larangan ng ekonomya, ipinahayag ni Arroyo ngayong Oktubre na mamamaha- 🍼 qi ito ng mga food coupon sa pinakamahihirap na mamamayan.

Ang pamamahagi ng mga food coupon ay ipinahayag ni Arroyo isang araw pagkalabas ng isang sarbey ng Social Weather Station na nagsasabing walang makain ang 15.1% ng mamamayan. Ayon sa sarbey, isa sa pitong pamilya sa buong bansa ang walang makain sa minimum na isang pagkakataon sa nakaraang tatlong buwan.

Nakatakdang ipatupad ang pampabangong programang ito ng rehimen sa darating na Nobyembre. Pangungunahan ito ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at ng Department of Education (DepEd). Avon sa programang ito, ipamamahagi ang mga food coupon sa mga eskwelahan. Tutukuyin umano ng DepEd ang pinakamahihirap na mag-aaral na bibigyan ng mga food coupon. Ang mga food coupon ay maaari umanong ipagpalit sa bigas at iba pang pagkain sa National Food Authority at mga piling tindahan. Kaya sa sistemang ito, isinasaisantabi ang napakaraming bilang ng mqa



Lubos na nakakainsulto ang proyektong ito ng rehimen. Sa loob ng mahigit tatlong taon nang panunungkulan ni Gloria Arroyo, walang humpay nitong binigwasan ang mamamayan ng kaliwa't kanang pahirap. Patuloy nitong ipinapako ang kakarampot na sahod ng manggagawa at sweldo ng mga karaniwang empleyado. Hinayaan ng rehimen na sumirit ang presyo ng mga produktong petrolyo, kuryente, pagkain at iba pang mga bilihin at bayarin. Patulov nitong ipinatutupad ang patakaran ng kontraktwalisasyon at ang malawakang tanggalan sa trabaho. Isinusulong nito ang dagdag-pasaning mga buwis. Patuloy nitong ibinabandera ang mga patakaran

Sundan sa "Food coupons...," sa pahina 7

#### Mga taktikal na opensiba, inilunsad sa Southern Tagalog

Taglunsad ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng mga taktikal na opensiba sa Laguna, Quezon at Palawan nitong Setyembre at Oktubre na nagresulta sa pagkamatay ng walong sundalo ng kaaway.

Sa Laguna, dalawang sundalo ng 1st IB ang namatay at di bababa sa dalawa ang nasugatan nang tambangan ang kanilang yunit ng isa ring platun ng mga Pulang mandirigma ng Nilo Hatol Command ng BHB sa Barangay Kalaminaue, Cavinti, Laguna noong hapon ng Oktubre 13.

Ang mga sundalo ay kabilang sa malaking bilang ng tropang ilang araw nang nag-ooperasyon sa hangganan ng Laguna at Quezon. Lingid sa kanilang kaalaman, matagal nang naipaabot ng masa sa mga Pulang mandirigma ang presensya ng kaaway, kaya handa ang BHB sa anumang mangyayaring labanan. Kabilang sa kanilang paghahanda ang pagpapakat ng bomba.

Nang dumating na ang militar, di lamang nila nasugagaan ang nakahandang bomba kundi sinalubong pa sila ng mga punglo mula sa malalakas na armas ng BHB. Pagkatapos ng labanan, ligtas na nakaatras lahat ng mga Pulang mandirigma, dala ang lahat ng kanilang kagamitan.

Para pagtakpan ang kanilang kahihiyan, pinalabas ng 1st IB na nakapatay sila ng dalawang Pulang mandirigma sa operasyong pagtugis noong madaling araw ng Oktu-



bre 15. Subalit ayon sa Nilo Hatol Command, walang labanang naganap sa petsang nabanggit at wala itong natamong kaswalti. Sa isang panayam, sinabi ni Gregorio "Ka Roger" Rosal na ang sinasabi ng 1st IB na mga patay na gerilya na kanilang dinala sa munisipyo ng

Cavinti ay sina Alberto Belena at Clemente Calatrava, kapwa mga treasure hunter na taga-Sariaya, Quezon na nasugagaan ng AFP habang patungo sa Barangay Caldong sa kalapit na bayan ng Sampaloc, Quezon.

Sa Quezon, iniulat ng Apolonio Mendoza Command ang dalawang matagumpay na operasyong isnayping sa Mauban noong Setyembre. Noong Setyembre 30, dalawang sundalong magkatabi ang sabay na namatay nang tagusin sila ng iisang bala mula sa isnayper ng BHB sa Barangay Ilayang Bagumbungan. Noon namang Setyembre 19, isang upisyal-militar ang namatay nang isnaypin siya sa Barangay Rosario. Hindi na nakapanlaban ang upisyal at nagpaputok lang ito nang walang direksyon dahil hindi niya alam kung saan nanggaling ang balang tumama sa kanva.

Sa Palawan, tatlong elemento ng Philippine Marines ang napatay sa ambus na inilunsad ng BHB sa Barangay Bayumbongan, Taytay nitong Setyembre 28. Isinagawa ang ambus habang papabalik na sa kanilang hedkwarters ang mga sundalong kabilang sa Task Force Malampaya.

#### "Food coupons...," mula sa pahina 6

ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon sa ibayong kahirapan ng masang Pilipino. Matapos ang mga bigwas na ito, naririto ang rehimen ngayon at nagsasabing maminigay ito ng pagkain sa mamamayan. Ayon kay Arroyo, hindi umano matitiis ng rehimen na magutom ang mamamayan kaya maminigay ito ng mga food coupon.

Subalit kung tutuusin, ang rehimen ang nagdulot ng lalong kahirapan at pagkagutom ng mamamayan. Layunin lamang ng proyektong ito ni Arroyo na itaas ang sumasadsad nitong popularidad. May duda rin kung kakayanin ng bangkrap na gubyerno ni Arroyo ang bilyun-bilyong pisong kakailanganin nito para ipatupad ang proyekto.

Wasto lamang na ipagpatuloy

ng mamamayan ang kanilang mga pakikibaka para sa mas makatarungang pamumuhay. Paigtingin ang pakikibaka para sa mas mataas na sahod at sweldo. Patindihin ang paglaban sa mga dagdag na buwis at pagtaas ng mga bilihin at bayarin. Higit sa lahat, lumahok sa rebolusyonaryong pakikibaka na magwawakas sa kasalukuyang sistemang gumugutom sa mamamayang Pilipino.



#### Promosyon ni Palparan, binatikos

BINATIKOS ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang promosyon bilang *major general* ni Brig. Gen. Jovito Palparan, ang tinaguriang "berdugo ng Mindoro."

Sa isang pahayag, sinabi ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, na inilalarawan ng promosyon ni Palparan ang teroristang gera ng rehimeng Arroyo: "Binibiktima nito ang mamamayan at ginagantimpalaan ang mga pasistang asong ulol." Si Palparan ay kabilang sa 16 na upisyal-militar na nagtaglay ng mas mataas na ranggo simula nitong Oktubre 20.

Bukod sa madugong rekord ni Palparan sa Mindoro, may mga kaso rin siya ng pananalbeyds at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa Cordillera.

Ani Ka Roger, titiyakin ng rebolusyonaryong kilusan na makakamtan ng libu-libong biktima ng kalupitan ni Palparan ang malaon na nilang inaasam na katarungan.

#### Mga kasinungalingang militar sa Southern Mindanao, pinabulaanan ng BHB

PINABULAANAN ng Merardo Arce Command (MAC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Mindanao ang ipinangangalandakan ng 404th Infantry Brigade na malilipol na ang BHB sa Compostela Valley sa loob ng anim na buwan dahil nauubusan na raw ito ng mga pinuno at bagsak na ang moral nito. Ayon sa militar, nilisan na raw ng isang kilalang kumander ng BHB ang rebolusyonaryong kilusan dahil sa pagkulimbat nito ng pera ng Partido at kasalukuyan na itong nagpapayaman sa pamamagitan ng iligal na pagmimina ng ginto.

Sa kanyang pahayag nitong Oktubre 11, sinabi ni Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng MAC, na aktibo pa ring ginagampanan ni Ka Lando at ng kanyang pinamumunuang yunit ng Pulang Bagani Command ang kanilang mga rebolusyonaryong gawain.

Pinabulaanan din ni Sanchez ang sinabi ng militar na may siyam na gerilyang namatay sa depensibang naganap sa Pantukan, Compostela Valley noong Setyembre 22. Aniya, dalawang mandirigma lamang ang nasawi sa naturang engkwentro. Dinakip din at tinortyur ng militar si Ka Jun-Jun Acog, isang Pulang mandirigma, at pinilit itong maging qiya sa operasyong iyon.

#### Kordon ng militar at pulis, nalusutan ng BHB sa Tarlac

MATAGUMPAY na nalusutan ng mga Pulang mandirigma ng Nelson Mesina Command (NMC) ng Bagong Hukbong Bayan ang kordon ng 250 tropa ng militar at pulis sa isang walong ektaryang tubuhan pagkatapos ng labanan sa Sityo Umangan, Barangay Balite, Pura, Tarlac nitong Oktubre 18-19.

Ayon kay Serafin Magdiwang, tagapasalita ng NMC, sa tulong ng mamamayan ay nakabalik sa kanilang baseng gerilya ang lahat na Pulang mandirigma nang walang natatamong kahit isang kaswalti. Taliwas ito sa ipinagmamayabang ni Lt. Col. Ricardo Visaya, kumander ng 69th IB, na pitong gerilya umano ang kanilang napatay habang pinapalibutan ang mga gerilya ng 69th IB, 703rd Brigade, 312nd at 313rd Police Mobile Group ng Tarlac PNP.

#### Rali ng mga magsasaka at manggagawa sa Cavite, binuwag

ISANG rali ng may 1,000 magsasaka, manggagawa at mga myembro ng iba pang militanteng organisasyon ang marahas na binuwag ng mga pulis at bumbero nitong Oktubre 18 sa Trece Martires City, Cavite. Ang rali, na ginanap sa tapat ng kapitolyo ng Cavite ay inilunsad upang batikusin si Gov. Ireneo Maliksi dahil sa pagpapahintulot niya sa laganap na pagpapalitgamit ng lupa at mapanupil na pamamalakad sa mga industriyal na engklabo sa prubinsya.

Ayon sa Kamagsasaka-Ka, isang samahan ng mga magbubukid sa Cavite, namamatay ang kabuhayan ng mga magsasaka dahil pinahihintulutan ni Maliksi ang malalaking negosyante na gawing mga subdibisyon at mga engklabong pang-industriya at pangkomersyo ang mga lupaing agrikultural. Ayon naman sa Cavite Solidarity Workers, bigo si Maliksi na proteksyunan ang interes ng mga manggagawa sa mga industriyal na engklabo.

Pinalalayas din ng mga demonstrador ang mga pwersa ng Philippine Marines at Philippine Air Force sa bayan ng Maragondon, na anila'y naghahasik ng terorismo doon.

Samantala, libu-libong magsasaka sa pamumuno ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas ang nagrali sa Metro Manila, Masbate, Legazpi City at iba pang bahagi ng Pilipinas nitong Oktubre 21 para batikusin ang mga patakaran ng rehimeng Arroyo na nagbubunga ng laganap na kagutuman sa bansa.



#### Lider ng Anakpawis sa Leyte, pinaslang

TINAMBANGAN at napatay si Samuel Bandilla, 45, regional coordinator ng partidong Anakpawis sa Leyte, noong gabi ng Oktubre 15 sa Tacloban City. Si Bandilla ay pang-anim na sa mga coordinator ng Anakpawis na pinatay mula Nobyembre 2003.

Malubhang nasugatan at nasa ospital ang isa pang kasama ni Bandilla na si Engr. Bernardo Devaras, 42. Si Devaras ang nagmamaneho ng motorsiklo na inangkasan ni Bandilla nang pagbabarilin sila ng dalawang dikilalang tao. Pauwi na sila mula sa isang piket ng mga empleyado sa *compound* ng Leyte Metropolitan Water District (LMWD) sa Barangay Mabini.

Ilang araw nang nagpipiket ang mga empleyado laban sa pagsisisante ng maneydsment ng LMWD sa 25 na empleyado nito noong unang linggo ng Oktubre. Ang sugatang si Devaras ay isa sa mga sinibak na empleyado.

Ang pagkilos ng mga empleyado ay sinuportahan ng Kilusang Mayo Uno-NAFLU, kung saan *coordinator* din si Bandilla para sa Metro Tacloban. Mariing binatikos nina Bandilla at Devaras ang maneydsment ng LMWD sa naturang piket, partikular ang maanomalyang pamamalakad ng manidyer nitong si Ranulfo Feliciano, na kilala rin sa pagmamantini ng maraming *goons*.

Bago ito, tuluy-tuloy din ang mga pagkilos laban kay Feliciano, sa serye ng pagtaas ng singil sa tubig at sa masamang serbisyo ng LMWD.

#### Pagtataas ng presyo ng palay, iginiit

DINUMOG ng mga myembro ng Alyansa ng mga Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL) ang panrehiyong upisina ng Department of Agriculture (DA) sa San Fernando, Pampanga nitong Oktubre 15 para igiit ang pagtataas sa presyo ng palay mula P8 tungong P15 bawat kilo.

Ayon sa AMGL, isang dekada nang nakapako sa ₱6 hanggang ₱7.50 bawat kilo ang presyo ng palay samantalang patuloy ang pagtaas ng presyo ng abono. Sa kabilang banda, hinahayaan ng gubyerno ang mga myembro ng mga kartel na magbenta ng bigas sa presyong aabot sa ₱24 bawat kilo.

Sa halip na suportahan nito ang lokal na agrikultura sa pamamagitan ng pagbibigay ng subsidyo sa mga nagtatanim ng palay, itinutulak ng gubyerno ang importasyon ng bigas at paggamit ng *hybrid* na mga punla na bagamat nagbubunga ng mataas na ani ay di hamak na mas magastos dahil obligadong bumili ng semilya bawat taniman ang mga magsasaka, anang AMGL.

Sa kaugnay na balita, nagpiket ang mahigit 50 magsasaka sa upisina ng National Irrigation Administration (NIA) sa Sto. Tomas, Pampanga nitong Oktubre 13 para igiit ang pagbibigay sa kanila ng bayad-pinsala para sa lupain nilang nalubog sa tubig mula nang simulan ang operasyon ng Cong Dadong Dam sa Arayat noong 2002. Ang dam, na kinuha ang pangalan mula sa ama ni Gloria Arroyo na si Diosdado (Cong Dadong) Macapagal, ay naglubog sa 93 ektaryang lupain na dating tinatamnan ng kamatis at mais ng 81 kasamá. Ayon sa mga kasamá, binayaran lamang sila ng P5 bawat metro kwadrado (o P50,000 bawat ektarya) samantalang pinangakuan sila ng NIA ng P15 bawat metro kwadrado o P75,000 bawat ektarya.

#### Pagsupil sa masmidya sa Eastern Visayas, kinundena

MARIING kinundena ng National Democratic Front sa Eastern Visayas (NDF-EV) ang panunupil ng militar sa mga kagawad ng midya na dumalo sa *press conference* ng NDF-EV noong Abril.

Sa isang pahayag nitong Oktubre 7, binatikos ni Fr. Santiago Salas, tagapagsalita ng NDF-EV, ang 8th ID dahil pinaratangan nitong "nakikihalubilo sa kaaway" ang naturang mga tagamidya. Pinagbawalan din ni Maj. Neneveigh Alcovindas, civil relations chief ng 8th ID, na makipag-ugnayan ang mga tagamidya sa mga "kaaway ng estado."

Nanawagan si Fr. Salas sa masmidya sa rehiyon na manindigan para sa kalayaan ng pamamahayag at tutulan ang panunupil-militar.

#### 39 milyong Amerikano, naghihikahos

AABOT sa 39 na milyong Amerikano, kabilang ang 20 milyong bata, ang naghihikahos. Ito ay ayon sa isang pag-aaral na ginawa ng Annie E. Casey, Ford at Rockefeller *foundations* na inilabas nitong Oktubre 12.

Anito, ang mga naghihikahos ay kumikita ng mas mababa sa nararapat na \$8.84 bawat oras para disenteng makapamuhay ang isang pamilyang may apat katao. Sa ngayon, ang minimum na sahod sa US ay \$5.15 bawat oras.

Tiyak na mas malala na ngayon ang kalagayan dahil ang datos na ginamit para sa pagaaral ay batay pa sa resulta ng sensus sa US noong 2002.

Taon XXXV Blg. 20 Oktubre 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Lalong humihina ang AFP sa pagsingaw ng mga kabulukan nito

Pilit mang pagtakpan ng rehimeng US-Arroyo at mga namumunong heneral nito, di mapigilan ang pag-alingasaw ng malakihang korapsyon sa loob ng Armed Forces of the Philippines (AFP), laluna sa hanay ng pinakamatataas na upisyal nito. Ang nabubunyag na malalaking kaso ng korapsyon ay palatandaan ng sagad-sabutong kabulukan ng AFP.

Ang kabulukang ito sa loob ng AFP ay tuwirang ibinubunga ng pagiging mersenaryo at pasistang hukbo nito.

Ang kabulukan ng ipinagtatanggol nitong naghaharing

sistema ay yaon ding kabulukang umiiral sa loob ng hanay ng AFP. Ang AFP, laluna sa pinakamatataas na andana nito, ay kaharian ng mga milyunaryong heneral, pawang mga burukratang kapitalistang nagpapayaman qamit ang hawak nilang kapangyarihan.

Ang malakihang korapsyon at kriminalidad ng pinakamatataas na heneral ng AFP at ang mga pagtatangkang pagtakpan ang mga ito ay nag-uudyok ng malawakang galit ng mamamayang labis na naghihikahos. Ang galit ng mamamayang Pilipino sa korapsyon sa loob ng AFP ay katulad ng galit nila sa nakamumuhing korapsyon ng mga upisyal ng rehimeng Arroyo na nagpapakasasa sa milyun-milpisong nakaw na yaman habang milyun-milyon ang lubog sa ku-

yong pisong nakaw na yaman habang milyun-milyon ang lubog sa kumunoy ng kahirapan.

Ang korapsyon ng mga pinunong heneral ng AFP ay nag-uudyok ng gayon ding galit sa hanay ng mga ordinaryong sundalo at nakabababang upisyal ng militar lalupa't sila ang pangunahing mga biktima nito. Habang nagpapakasasa ang mga bundat na heneral, ang mga karaniwang sundalo at nakabababang upisyal ng AFP ang nagdurusa sa palaging naaantalang mababa na ngang sweldo, napakaliit na pensyon, kakulangan at mababang kalidad ng mga kagamitan at iba pa.

Mga tampok sa isyung ito...

Pinakahuling mga anomalya at kaso ng korapsyon sa AFP

PAHINA 3

Malulubhang krimen ni Tabara

PAHINA 5

Food coupons, mismis para sa ginugutom na mamamayan

PAHINA 6

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang sinundang pahina, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*